# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Setyembre 15, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann, 415-760-0285

## Papalawakin ang programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin sa buong estado upang mapabilis ang mga pagbawas ng gas ng greenhouse

**SAN FRANCISCO -** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at ng California Infrastructure and Economic Development Bank, o IBank ang pagpapalawak ng programang Climate Tech Finance sa buong estado.

Sinuportahan ng programang Climate Tech Finance ang $20.7 milyong halaga ng mga loan na naabot na sa kasalukuyan na partikular na nakalaan para sa mga kumpanya at proyekto sa Bay Area. Sa pamamagitan ng pagpapalawak sa programa sa buong estado, ang mga negosyante at maliit na negosyo sa buong California ay magkakaroon ng access sa pagsusuri sa epekto ng Distrito ng Hangin at sa garantiya sa loan ng IBank na hanggang 80 porsyento ng prinsipal ng loan o $5 milyon, alinman ang mas maliit.

Ayon sa pansamantalang tagapagpaganap na opisyal sa Distrito ng Hangin na si Sharon Landers, “Ang tagumpay ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin ay nagpapakita na isa itong epektibong paraan para sa pagbawas sa mga gas ng greenhouse.” “Nasasabik kaming suportahan ang pagpapalawak ng programang ito sa buong estado upang mapabilis ang mga proyektong nakakabawas sa mga emisyong nagpapainit sa klima at mapaganda ang kalidad ng hangin.”

Ang programang Climate Tech Finance ay ang kauna-unahang pagtutulungan sa pagpopondo na idinisenyo upang mapabilis ang paglago ng maliliit na negosyong nagsisikap na bawasan ang mga emisyon ng gas ng greenhouse. Bilang bahagi ng layunin nito na magkaroon ng post-carbon na Bay Area bago ang 2050, binuo ng Distrito ng Hangin ang programa sa pakikipagtulungan sa IBank at Northern California Financial Development Corporation noong 2018.

Ang Distrito ng Hangin ay tumutukoy sa mga negosyante at maliit na negosyo na may layuning magpabuti sa klima, sumusuri sa mga benepisyo ng mga teknolohiya, at nagtatantiya sa mga pagbawas sa emisyon ng gas ng greenhouse at mga epekto sa lipunan upang matiyak na ang mga iminumungkahing proyekto ay nagpapabuti sa klima at komunidad sa makatarungan at sustainable na paraan.

Ang IBank, na isang ahensiya ng estado ng California na nasa Office of Business and Economic Development ng Gobernador, ay naglalaan ng mga garantiya sa loan na nagbibigay sa mga lender ng kumpiyansang kailangan nila upang makapagpautang sa maliliit na negosyo na nahihirapang maka-access ng abot-kayang pagpopondo.

Ayon sa tagapagpaganap na direktor ng IBank na si Scott Wu, "Nakakapanabik na mga panahon ito para sa maliliit na negosyo sa California na naghahangad na palawakin ang kanilang mga sustainable na solusyon sa klima." “Ginagamit namin ang matagumpay na programang ito ng Bay Area at iniaalok namin ito sa buong estado upang mas maraming negosyante ang makasali sa lumalaking komunidad ng maliit na negosyo na may ginagampanang napakahalaga at malaking tungkulin sa pagtulong sa California na maabot ang mga layunin nito na mabawasan ang gas ng greenhouse.”

Ang Distrito ng Hangin, IBank at Mga Financial Development Corporation ay nasasabik na suportahan ang mga negosyanteng nagpapabuti sa klima, makipagtulungan sa mga lender na may pagpapahalaga sa klima, at paramihin pa ang mga lubos na kinakailangang solusyon sa krisis sa klima sa buong California.

Ang IBank ay nagbibigay ng mga hindi binubuwisan at binubuwisang bono sa kita, nagbibigay ng pondo sa mga pampublikong ahensiya, nagbibigay ng mga pagpapaganda sa credit, kumukuha at nagpapa-lease ng mga pasilidad, gumagamit ng pondo ng estado at pederal na pamahalaan, at nagbibigay ng mga garantiya sa loan at iba pang pagpapaganda sa credit para sa maliliit na negosyo.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*